

Pagsunod sa Foreign Corrupt Practices Act ng U.S. at Iba Pang Mga Batas Laban sa Katiwalian

PATAKARAN

Isasagawa ng Monsanto ang negosyo nito nang sumusunod sa mga naaangkop na batas at regulasyon, kabilang ang Foreign Corrupt Practices Act (“FCPA”) ng U.S. at kaparehong mga batas laban sa panunuhol ng iba pang mga bansa, kabilang ang mga batas na ipinapatupad ang mga kapulungan ng Organization for Economic Cooperation and Development (OECD) at Organization of American States (OAS). Ang lahat ng taong sumasailalim sa patakarang ito, ayon sa nakatala sa ibaba, ay mahigit na pinagbabawalan mula sa pag-aalok, pagbabayad, pangangako o pagpapahintulot ng anumang suhol, kinitang porsyento o iba pang katulad na bagay sa sinumang “Dayuhang Opisyal”¹ nang direkta o hindi direkta sa pamamagitan ng isang third party, upang makuha ang anumang kontrata, pagpayag o iba pang kanais-nais na pangangasiwa para sa Monsanto. Bilang karagdagan, ang lahat ng naturang tao ay kinakailangang sumunod sa mga patakaran at pamamaraan ng Monsanto na binuo upang matiyak ang pagsunod sa mga batas na ito. Bilang panghuli, susunod dapat ang Monsanto sa mga probisyon ng accounting at pagpapanatili ng talaan ng FCPA. Umaasa ang Monsanto sa mga invoice at iba pang mga dokumentong natanggap mula sa o binuo ng mga kasosyo sa negosyo ng Monsanto upang lumikha at magpanatili ng mga tumpak na aklat at talaan.

SAKLAW

Nalalapat ang patakarang ito sa lahat ng pagkilos na isinagawa ng mga kasosyo sa negosyo sa ngalan ng Monsanto at sa lahat ng opisyal, direktor, at full time at part time na empleyado ng Monsanto. Bilang karagdagan, malalapat ang patakarang ito sa lahat ng kaakibat at joint venture na kinokontrol ng Monsanto.

Ang lahat ng kasosyo sa negosyo na kumakatawan sa Monsanto (kabilang ang mga kasangguni, ahente, sales representative, tagapamahagi, at nakapag-iisang kontraktor), na maaaring makipag-ugnay sa “mga dayuhang opisyal” sa ngalan ng “Kumpanya” ay dapat na sumunod sa lahat ng naaangkop na bahagi ng patakarang ito.

TALAKAYAN

¹ Kabilang sa “Dayuhang Opisyal” ang lahat ng empleyado ng isang hindi departamento o ahensya ng pamahalaan ng U.S., kung sa ehekutibo man, lehislatibo o panghukumang mga sangay ng pamahalaan at kung sa pambansa man, estado o lokal na antas (o mga katumbas ng mga ito). Sinasaklaw ng termino ang mga part-time na manggagawa, hindi binabayarang manggagawa, sinumang tao “na kumikilos sa isang opisyal na katungkulan,” at mga miyembro ng isang maharlikang pamilya. Kabilang din sa ilalim ng terminong “Opisyal” ang mga pampulitikang partido, opisyal ng partido, at kandidato para sa pampulitikang tanggapan. Bukod pa rito, kabilang sa Mga Opisyal ang mga empleyado ng mga pampublikong international na samahan gaya ng United Nations (“U.N.”), Food and Agriculture Organization ng U.N. (“FAO”), International Cotton Advisory Committee (“ICAC”) at International Food Policy Research Institute. Bilang panghuli, sinasaklaw ng terminong “Hindi Opisyal ng Pamahalaan ng U.S.” ang mga opisyal at empleyado ng mga pampublikong pang-akademiyang institusyon at kumpanya sa ilalim ng pagmamay-ari o pagkontrol ng pamahalaan, kahit na pinapatakbo ang mga kumpanya tulad ng mga pribadong pagmamay-aring korporasyon. Sa maraming pagkakataon, ang mga taong ito ay hindi itinuturing na Mga Opisyal ng kanilang sariling mga pamahalaan, at aasa silang ituturing nang tulad ng sinupamang tauhan ng pribadong negosyo. Gayunpaman, para sa mga layunin ng FCPA, legal na walang katuturan kung itinuturing man na isang Opisyal ang isang tao ng pamahalaang pinag-uusapan. Ang kahulugan ng batas ng U.S. ang kumokontrol.

Ginagawang hindi legal ng FCPA ang magbayad -- o kahit na mag-alok o mangakong magbayad -- sa “mga dayuhang opisyal” upang makakuha o magpanatili ng negosyo. Ang anumang pagbabayad sa isang Dayuhang Opisyal nang direkta o hindi direkta sa pamamagitan ng isang kasosyo sa negosyo, kabilang ang marangyang entertainment o mga regalo, para sa layunin ng pagkuha o pagpapanatili ng negosyo o hindi naaangkop na pag-impluwensiya ng ilang bagay na pabor sa Monsanto ay maaaring ituring na suhol at maaaring magresulta sa paglabag sa batas.

Nagtatag ang FCPA ng pananagutan para sa mga pagbabayad na ginawa nang hindi direkta sa isang Dayuhang Opisyal gayundin sa mga pagbabayad na ginawa nang direkta. Ang Kumpanya at mga indibidwal na opisyal o empleyado ay maaaring managot para sa mga pagbabayad na ginawa ng isang kasosyo sa negosyo, gaya ng isang sales representative, kasangguni, ahente, kontraktor, sub-contractor, kasosyo sa joint venture, o iba pa, kung nagbabayad o naglilipat ng iba pang halaga ang Kumpanya sa kasosyo sa negosyo na iyon kung saan alam ng Kumpanya o may dahilan upang malaman na ang pagbabayad ay gagamitin nang buo o bahagya upang gumawa ng hindi naaangkop na pagbabayad sa isang “dayuhang opisyal.” (Naaangkop ito kahit na hindi mismong sumasailalim sa FCPA ang kasosyo sa negosyo.) Maaaring magkaroon ng pananagutan kung may alam ang Kumpanya na nagmumungkahi ng “mataas na posibilidad” na ipapasa ng kasosyo sa negosyo ang lahat o bahagi ng halagang natanggap mula sa Kumpanya sa isang Dayuhang Opisyal para sa layunin ng katiwalian. Ayon sa nararapat, dapat na mag-ingat ang Monsanto sa mga pakikipag-ugnay sa mga kasosyo sa negosyo at tiyakin sa sarili nito na susunod ang mga kasosyo sa negosyo sa lahat ng naaangkop na batas laban sa katiwalian.

Tulad ng nakatala, sa ilang partikular na pangyayari, ang mga regalo at entertainment, at iba pang mga gastusing naipon sa ngalan ng Mga Dayuhang Opisyal ay maaaring magdulot ng mga paglabag sa FCPA at iba pang mga batas laban sa katiwalian. Ayon sa nararapat, ang lahat ng direktor, empleyado at kinatawan ng Monsanto ay dapat na sumunod sa mga patakaran ng Kumpanya sa probisyon ng at pag-reimburse para sa mga regalo, mga pagkain, entertainment at paglalakbay (Patakaran ng Tagakontrol ng Kumpanya # 85001.00) Hindi pinapahintulutan ang mga kasosyo sa negosyo na magbigay ng mga regalo o aliwin ang Mga Dayuhang Opisyal sa ngalan ng Monsanto maliban kung pinapahintulutang isagawa ito sa pamamagitan ng kasulatan.

Maaaring hilingin sa mga kasosyo sa negosyo na kumikilos sa ngalan ng Kumpanya na magsagawa ng mga pagbabayad para sa pagpapadali o pagpapabilis sa isang Dayuhang Opisyal upang pabilisin o upang matiyak ang pagganap ng nakasanayang pangpamahalaang pagkilos ng opisyal na iyon. Maaaring lumabag sa lokal na batas ang naturang mga pagbabayad. Ayon sa nararapat, ipinagbabawal ng patakaran ng Monsanto ang pag-aalok o paggawa ng mga pagbabayad para sa pagpapadali. Ang anumang kahilingan para sa naturang pagbabayad ay dapat na tanggihan at iulat agad sa iyong Mga Pangrehiyong Pangkat sa Pagtatrabaho o para sa mga kasosyo sa negosyo, sa iyong pangunahing contact sa negosyo ng Monsanto.

Sa ilang pangyayari, maaaring kuwalipikado ang isang pagbabayad sa isang Dayuhang Opisyal sa ilalim ng limitadong pagbubukod sa FCPA para sa mga pagbabayad sa “kalusugan at kaligtasan” na isinagawa alinsunod sa pangingikil o pananakot. Tinutukoy ng lehislaticong kasaysayan ng FCPA ang pangingikil bilang isang depensa sa mga paglabag sa FCPA; gayunpaman, available lang ito sa isang emergency, kung saan babawasan ng pagbabayad ang dagliang panganib sa kalusugan o kaligtasan ng isang tao o sa dagliang pagkasira ng ari-arian. Ang dahilan para sa depensa sa pangingikil ay sa naturang emergency, wala sa inbibidwal na nagsasagawa ng pagbabayad ang layunin sa katiwalian na magbigay ng suhol. Ang mga

pagbabayad na isinagawa sa “mga dayuhang opisyal” kung saan nasa panganib ang pisikal na kalusugan o kaligtasan ng isang tao ay hindi lumalabag sa Patakaran Laban sa Katiwalian ng Monsanto. Gayunpaman, kapani-paniwala dapat ang banta. Ang lahat ng pagbabayad para sa kalusugan at kaligtasan ay dapat na iulat sa Pangkalahatang Tagapayo, Tagakontrol ng Kumpanya, Pangrehiyong Pinuno sa Batas at Pangrehiyong Pinuno sa Pananalapi sa loob ng isang (1) araw na may pasok kasunod ng pagbabayad.

Ang mga direktor, empleyado o kasosyo sa negosyo na nagsasagawa ng hindi naaangkop na mga pagbabayad sa Mga Dayuhang Opisyal ay sasailalim sa naaangkop na pangdisiplinang pagkilos ng Kumpanya, gayundin sa mga legal na kahihinatnan ng paglabag sa mga naaangkop na batas. Maaaring isagawa ang pangdisiplinang pagkilos laban sa isang indibidwal na:

- Nakakaalam na pinaplano ng iba pa ang paglabag sa Patakarang ito at nabigong iulat ito sa Tanggapan ng Asal sa Negosyo o kanilang Pangrehiyong Pangkat sa Pagtatrabaho; o
- Nakakaalam na nilabag nila o ng iba pang mga empleyado ang Patakarang ito at nabigong iulat ito sa Tanggapan ng Asal sa Negosyo o kanilang Pangrehiyong Pangkat sa Pagtatrabaho.

PAG-AUDIT

I-o-audit ng Departamento ng Panloob na Pag-audit ng Monsanto ang pagsunod sa Patakarang ito.